
# Ang Regalo nina Inay at Itay



Kwento ni:
Raymark M. Villanueva
Guhit ni:
Katy Chenee S. Napao






***Pamantayan sa Pagkatuto:***

- *Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa.(F3PB-Ib3.1)*
- *Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay). (F3PBH-Ie-4)*
- *Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento. (F3PB-Ih-14)*
- *Naiuugnay ang sariling karanasan sa binasa. (F3PB-IIIa1 )*
- *Naisasalaysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.(F3PB-Ig12.1)*



# Development Team

Kuwento ni: **Raymark M. Villanueva**

Guhit at Lapat ni: **Katy Chenee S. Napao**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

## Pampanga


# Ang Regalo nina Inay at Itay



Isang pangkaraniwang sitwasyon sa buhay ni Sidro ang hindi niya pag-alintana sa matinding sikat ng araw pati na sa mga panganib na sa kanya ay nakaabang. Tila siya ay nakikipaghabulan at nakikipagpatintero kay kamatayan sa pag-iwas sa mga naglalakihang sasakyan na waring nakikipag-unahan sa nais na marating at puntahan. Lahat ng ito ay para sa inaasam niyang kinabukasan at sa mga susunod na mga oras ay may maipalaman sa tiyan.



Iyan ang araw-araw na takbo ng buhay ni Sidro. Si Sidro ay maagang natutong magbanat ng buto at mabuhay sa sariling sikap dahil sa murang edad pa lamang ay naulila na siya sa mga magulang. Walong taong gulang pa lamang siya ay sinubok na siya ng pagkakataon. Nagsimula ang kanyang mabigat na responsibilidad mula ng masagasaan ang kanyang mga magulang sa mismong lugar na nagsisilbing tirahan at mapagkukunan ng araw-araw na ikabubuhay.



Noon ay may maayos na buhay ang kanilang pamilya. Isang simpleng pamilya, na may mga magulang na naghahanapbuhay at anak na nag-aaral. Si Sidro ay ang nag-iisang anak. Nakakaraos sila sa pamamamagitan ng pagtitinda ng kanyang mga magulang ng mga prutas at gulay. Sila ay isang pamilya na may simpleng pangarap sa buhay. Ang makapagtapos si Sidro sa pag-aaral at guminhawa sa buhay.



Ngunit nagsimulang gumuho ang lahat ng ito sa isang iglap lamang. “Nay, Tay, aalis na po ako,” pagpapaalam ni Sidro sa kaniyang mga magulang. Papasok siya noon sa paaralan. Hinihintay siya ng kaniyang mga kaibigan sa labas ng kanilang bahay. “Hintayin mo na kami ng tatay mo anak at aalis na rin kami upang mailako na namin itong ating mga paninda,” sabi ng kanyang ina.



"Nay, nasa labas na po ang mga kaibigan ko, sabay-sabay po kaming papasok ngayon," nagmamadaling sagot niya sa ina. "Hayaan mo na ang anak mo at may kasama naman pala siya," sambit naman ng ama. "Mag-ingat nalang kayo sa paglalakad at maraming sasakyan ngayon," paalala ng kanyang ama. "Maraming salamat po, itay," masayang pasasalamat ni Sidro sa kanyang ama. At umalis na nga ang magkakaibigan.





Naglalakad na ang magkakaibigan papunta sa paaralan nang may naisip si Roy. “Maaga pa naman, mas maganda yatang dumaan muna tayo sa plaza,” pagyayaya ni Roy. “Tara! Balita ko may bagong tayong palaruan doon,” dagdag pa ni Nilo. “Oo nga, tingnan at subukan natin,” sang-ayon pa ni Roy. “Naku, baka mapagalitan tayo kay Ginang Elena kapag nahuli tayo sa pagpasok,” hadlang ni Sidro. “Naduduwag ka na naman,” pagkukutya ng mga kaibigan niya sa kaniya.


Dahil sa ayaw niyang magmukhang iba sa mga kaibigan ay sumang-ayon na rin ito. “Sige na nga,” tugon ni Sidro na mukhang napilitan lamang. Tumungo na nga ang magkakaibigan sa *plaza* ng may pananabik. Namangha ang magkakaibigan sa mga nakitang bagong palaruang nakatayo. “Tara, subukan natin ang padulasan,” yaya ni Roy. “Kami ni Sidro ay maglalaro doon sa duyan,” sabik na wika ni Nilo.





Sa gitna ng masayang paglalaro ng magkakaibigan ay napansin ni Sidro ang oras. “Roy, Nilo, tara na at kailangan na nating pumunta sa paaralan, malapit nang magsimula ang oras ng klase natin,” tarantang yaya ni Sidro sa mga kaibigan. Tumingin si Nilo sa kaniyang relo at tumango tanda ng pagsang-ayon sa sinabi ng kaibigan. “Oo nga pala, magmadali na tayo,” pasigaw na utos ni Roy.

Tumakbo nang matulin ang magkakaibigan sa pagnanais na mahabol nila ang pag-uumpisa ng klase. "Bilisan ninyo, kapag nahuli tayo ay mapapapagalitan na naman tayo ni Ginang Elena," takot na winika ni Sidro. Binilisan nila ang takbo na waring hindi na nila pansin ang mga nangyayari sa kanilang paligid. Isang bagay lamang ang nasa isip nila na nais nilang mangyari. Iyon ay ang hindi mapagalitan ng kanilang guro.





Masayang nagtitinda ang mag-asawa habang tulak-tulak ang kariton ng panindang prutas at gulay. “Bili na po kayo ng prutas at gulay,” sigaw ng ina. “May mansanas, ubas, saging at iba pa na pwedeng pampasalubong po sa inyong mga anak,” sigaw na paanyaya ng mag-asawa sa mga nadaraanan. Wala silang pinapalampas na lugar. Sila ay nagpapalipat-lipat ng lugar dahil sa nais na mapaubos ang paninda.

Sa kabilang banda, umalis na ng bahay ang mga magulang ni Sidro upang ibenta ang mga bagong biling prutas at gulay. “Sana mapaubos natin itong mga paninda”, hiling ng ama. “Sana nga at may mailuto tayo sa darating na linggo,” dagdag pa ng ina. “Oo nga pala, kaarawan na ng ating anak sa linggo, kailangan nating magdoble kayod para naman makapaghanda tayo,” mungkahi ng ama.





Habang palipat sila ng daan ay may kumuha ng kanilang atensyon. Mga batang nakasuot ng uniporme na naghahabulan sa daan. “Ang mga batang ito ay hindi man nila pinapahalagahan ang pinagpaguran ng kanilang mga magulang para lamang may maibigay at maipabaon sa kanila,” panghihinayang na wika ng ama. “Oo nga at buti na lamang at masipag ang ating anak na si Sidro sa pag-aaral,” pagpapasalamat ng ina.

“Sidro, bilis at mahuhuli na tayo sa klase,” sigaw ni Roy. Ito ay ang mga salitang narinig ng mag-asawa na lalo pang kumuha ng kanilang atensyon. Si Sidro ay tumatakbo at lilipat ng daan habang may papalapit na kotse sa kanyang daraanan. “Sidro…! Anak, mag-ingat ka…” sigaw ng mag-asawa habang tumatakbo patungo sa kinaroroonan ng anak. Hindi narinig ni Sidro ang mga sigaw ng kaniyang ama’t ina.



Malakas na kalabog ang narinig sa buong lugar. Napatingin ang lahat sa dakong iyon ng kalsada. Si Sidro ay nakalipat nang ligtas sa daan. "Buti na lang at nakaligtas ka," nanginginig na sabi ni Nilo. "Oo nga at muntik na ako doon," pasalamat ni Sidro kasabay ng isang malalim na hininga. Dahil sa sobrang kaba ay hindi na napansin ni Sidro na may tumulak sa kanya upang makaligtas lamang sa aksidenteng iyon.






Lumingon si Sidro sa daan kung saan siya muntik na masagasaan. Doon ay may nakita siyang dalawang taong nakahandusay sa gitna ng daan. Taong pamilyar sa kaniya. Biglang bumuhos ang kaniyang luha nang napagtanto na ang tumulak at sumagip sa kaniyang buhay ay ang kaniyang mga magulang. Nagkalat ang mga tindang prutas at gulay habang naliligo sa sarili nilang dugo. Nanlambot at napasigaw siya,
“INAYYY…,ITAYYY…”.

Hindi alam ni Sidro ang gagawin. Nanginginig sa sobrang pagkabigla. “Inayyy…Itayyy…” tila nauutal at paulit-ulit niyang sinasabi. Hinawakan niya nang mahigpit ang mga kamay ng kaniyang mga magulang. Maya’t-maya nitong hinahagkan at humuhingi ng kapatawaran. “Huwag ninyo po akong iwan,” pagsusumamo nito. “Patawad po.” Ito na lamang ang mga salitang nabitawan niya na hinding-hindi na maririnig pa ng kaniyang mga magulang. Ito rin ang huling regalong matatanggap niya mula sa kaniyang mga magulang… ang kaniyang pangalawang buhay.





Samantala, nalalapit na naman ang kanyang ika-siyam na kaarawan. Ito rin ay nagpapaalala na malapit na rin ang ika-isang taon ng pagkawala ng pinakamamamahal niyang ama't ina. Hindi sinasadyang bumuhos na naman ang luha sa kanyang mga mata. "Kung nakinig lamang ako noon kay inay at itay, sana wala ako sa kinalalagyan ko ngayon". "Patawad po inay at itay," mga pagsusumamong hinding-hindi na makakapagpabago ng pangyayaring iyon.




Sa kabila ng masakit na pangyayari ay nagpatuloy pa rin ang buhay ni Sidro. Dahil sa pagkawala ng kaniyang mga magulang ay kinailangan na niyang mabuhay sa sarili niyang pagsisikap. Nagpatuloy pa rin siya sa pag-aaral. Tuwing umaga bago pumasok ng paaralan ay nakikipaghabulan siya sa mga sasakyan upang may maibentang basahan sa mga motorista. Sa tanghali, paglabas sa oras ng pananghalian ay bulaklak ng sampaguita ang kaniyang hawak-hawak.



Hindi na magiging madali ngunit nais niyang ipagpatuloy ang kaniyang buhay at pangarap na makapagtapos ng pag-aaral dahil ito lamang ang nais sa kanya ng kanyang mga magulang. "Anak, magpakatapos ka ng pag-aaral dahil ito lamang ang kayamanang maibibigay namin sa iyo na hinding-hindi mananakaw nino man," ang mga katagang laging winiwika at paalala sa kaniya ng ama't ina bago sila matulog noong nabubuhay pa sila. At dahil ito na lamang ang magagawa niya upang matumbasan at mapangalagaan ang natanggap na huling REGALO NINA INAY AT ITAY.





## TUNGKOL SA MAY-AKDA AT TAGAGUHIT


**RAYMARK M. VILLANUEVA:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Anao Elementary School
Anao, Mexico, Pampanga
bilang Teacher II

**KATY CHENEE S. NAPAO:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Luis National High School
Sta.Cruz Poblacion, San Luis, Pampanga
bilang Teacher I

Tunay ngang kakaiba ang pagmamahal ng mga magulang. Itataya nila ang kanilang mga buhay para lamang sa kinabukasan ng kanilang mga anak. Si Sidro na nag-iisang anak ay may karanasan sa dakilang pagmamahal na ito na hinding-hindi niya malilimutan sa kanyang buhay. Nagbago ang lahat ng ito mula ng natanggap niya ang huling REGALO NINA INAY AT ITAY. Ano kaya ang mga pangyayari sa kaniyang buhay ang nagbigay sa kaniya ng higit na pagpapahalaga at pag-asa upang ipagpatuloy ang panibagong buhay? Ikaw, anong pinakamahalagang regalo ang natanggap mo?

